【タガログ語】

# 津市「タブレット端末活用のルール」

津市教育委員会

Gumawa ng Tsu city「Patakaran ng pag-gamit ng tablet」 ang Lupon ng Edukasyon sa lungsod ng Tsu kaya mangyaring sundin ang mga patakaran at gamitin ito ng ligtas at mabisa.

## １ Layunin

Maliban sa pag-aaral hindi ito pwedeng gamitin sa ibang bagay.

## ２ Mga kailangang ingatan kapag gamit ang tablet

☐ Makinig ng mabuti sa sinasabi ng guro kapag ginagamit.
☐ Takpan at ilagay sa lugar na hindi mahuhulog kapag hindi ito ginagamit.
☐ Gamitin ang daliri sa pagpindot ng screen o gumamit ng stylus pen.
※ Huwag sulatan gamit ang lapis o ballpen at huwag ilapit sa magnet.
☐ Mag-ingat na hindi ito mahulog kapag binibitbit.
※ Ayusin ang pag-dala, hawakan sa dalawang kamay o ilagay sa bag.
☐ Mag-ingat na hindi mawala, mabasa, mahulog, o malagyan ng tubig. Huwag rin ilagay sa lugar na direkta sa araw o malapit sa stove.
☐ Huwag sulatan o gasgasan.
☐ Sabihin kaagad sa guro kung ayaw gumana,na basag ang screen o may kakaiba sa tablet.

## ３ Para sa kalusugan

☐ Siguraduhing nasa tamang posture at huwag masyadong lumapit sa screen kapag ginagamit ang tablet.
☐ Sa 30 minutos ipahinga ang mata at tumingin sa malayo.



## ４ Para magamit ng ligtas

☐ Huwag ipaalam sa iba ang user name at password.
☐ Sundin ang patakaran na itinuro ng guro kapag gumamit ng internet.
☐ Sabihin sa guro kung naka access sa kahina-hinalang website o kung hindi gumagana.
☐ Huwag mag install ng app o mambura.
☐ Huwag palitan ang wallpaper (desktop image) at ang settings.
☐ Huwag ilagay sa internet ang sariling pangalan o ng kaibigan.
☐ Huwag kumuha ng litrato na hindi kailangan sa pag-aaral.
□Huwag maglagay ng mga nakakasakit at makakasama sa iba.

## 5 Kapag ginagamit sa bahay

- ☐ Huwag gamitin habang naglalakad at ilagay sa loob ng bag kapag papasok at pauwi mula sa paaralan.
- ☐ Huwag gamitin sa ibang bagay maliban sa pag-aaral kahit na iniwan ito bahay.
- ☐ Kapag ginamit sa bahay , pwede itong i-connect sa Wi-Fi ng bahay.
- ☐ Pag-usapan sa bahay ang oras ng pag-gamit.
- ☐ Itigil ang pag-gamit 30 minuto bago matulog.
- ☐ Sabihin kaagad sa magulang kung nasira,nawala o nanakaw at ipag-bigay alam sa paaralan.



## 6 ATBP

- ☐ Isang tablet ang gagamitin hanggang sa magtapos.
- ☐ Hindi na makakagamit ng tablet kung hindi nasunod ang Tsu City「Patakaran sa Pag-gamit ng Tablet」

## Hinihiling namin ang kooperasyon ng lahat ng mga

Hinihiling namin ang inyong pag-unawa at pakikipag-tulungan

### ○ Bawat bata papahiramin ng 1 tablet

Papahiramin ang bawatbata ng isang tablet simula sa Abril 2021.Gagamitin ito sa pag-aaral.Mangyaring pag-sabihan ang anak ang kahalagahan ng pag-gamit.
※Mag-ingat ng mabuti dahil magiging responsibiliadad ninyo ang bayad ng pagpapa-ayos kung sakaling nasira o hindi na magamit.

### ○ Pag-usapan ang mga patakaran kasama ng anak

Hinihiling namin ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan na pag-usapan upang ligtas at tama ang pag-gamit ng tablet ng mga bata.

### ○ Pag-usapan ang kalagayan ng pag-aaral kasama ng anak

.Sa bawat ang paaralan hinihimuk ang mga bata na maging responsable sa pag-gamit ng ICT.Makipag-usap sa anak kung paano ito ginagamit sa pag-aaral.

### ○ Tungkol sa pag-gamit sa bahay・・・

Hindi lahat ng paaralan ay maiuuwi ang tablet sa taong Reiwa 3, ngunit pwede itong maiuwi ng model school at pansamantalang pag-sasara ng paaralan.